# Espesyal na Halalan sa Agosto 2023

# Pamplet para sa Mga Botante ng Jackson County sa Wikang Tagalog

OREGON SOS

Jackson County

# pamplet para sa mga botante

Espesyal na Halalan ng Oregon sa Pamamagitan ng Koreo **Agosto 22, 2023**

## MGA TAGUBILIN SA PAGBOTO

Suriin ang iyong Opisyal na Balota at hanapin ang iyong napipili. Upang makaboto, dapat mong ganap na itiman ang bilog (⬬) sa kaliwa ng iyong napipili gamit ang itim o asul na tinta.

Kung bumoto ka ng **parehong** Oo **at** Hindi sa isang panukalang-batas, tinatawag itong labis na pagboto o overvote. Ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa panukalang-batas na iyon.

Makipag-ugnay sa Halalan sa Jackson County upang humiling ng kapalit kung:

- nagkamali ka
- ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
- nawala ang balota mo o para sa anumang iba pang dahilan.

## IBALIK ANG IYONG BALOTA

**Sa pamamagitan ng koreo:** Ipadala sa koreo ang iyong balota upang ito ay mamarkahan ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan.

**Nang personal sa isang opisyal na hulugan ng balota:** Ilagay ang iyong balota sa isang opisyal na drop box para sa balota ng Oregon bago mag-alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

**Jackson County Elections**
1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR 97501
(541) 774-6148
www.jacksoncountyor.org

## MGA LOKASYON NG HULUGAN NG BALOTA

*Dapat maihulog ang iyong balota sa isang opisyal na drop box para sa balota bago mag-alas-8 ng gabi sa ARAW NG HALALAN, Agosto 22, 2023.*

**Jackson County Elections**
*Magbubukas sa Lunes, Ika-7 ng Agosto*
1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR 97501
Ang mga drop box para sa balota na nasa gilid ng bangketa (curbside) ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)
Ang opisina ng Halalan ay bukas 8 am hanggang 4 pm
(7 am - 8 pm sa Araw ng Halalan)

**Rogue River Library**
*Magbubukas sa Lunes, Ika-7 ng Agosto*
412 E. Main St., Rogue River, OR 97537
Ang agarang napupuntahang (walk-up) drop box para sa balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan) Magsasara ng alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan

## PAGREREHISTRO NG BOTANTE

*Ang huling araw ng pagpapaparehistro para bumoto ay sa ika-21 araw bago ng halalan.*

### Pagpaparehistro para Makaboto

Upang makaboto sa Oregon kailangan kang rehistrado sa county kung saan ka nakatira.

Maaari kang magparehistro kung masasagot mo ng oo ang tatlong tanong na ito:
-Ikaw ba ay residente ng Oregon?
-Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.?
-Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi ka makakatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.

### Paano magparehistro:

Maaari kang magparehistro online para bumoto sa www.oregonvotes.gov o maaari kang makakuha ng card ng pagpaparehistro bilang botante (voter registration card) sa alinman sa mga sumusunod na lugar:
-anumang tanggapan para sa halalan ng county
-ang Tanggapan ng Kalihim ng Estado
-ilang ahensya ng estado tulad ng Division of Motor Vehicles
-isang kampanya para sa pagpaparehistro ng botante
Maaari mong punan ang card nang personal o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo ng US. Maaari ka ring mag-print ng card ng rehistrasyon online sa: www.oregonvotes.gov..

### Pag-update ng iyong pagpaparehistro bilang botante:

Kapag nakapagrehistro ka na, tungkulin mong panatilihing napapanahon ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa www.oregonvotes.gov o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbalik ng card ng pagpaparehistro bilang botante na nakalagay ang bagong impormasyon.

## Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon

Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampulitika na itinalaga ng clerk ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. Gayundin, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung siya ay isang tagapag-empleyo ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

# Panukalang-Batas 15-217 – Lungsod ng Gold Hill

**Caption:**

Aneksiyon ng Gold Hill sa Distrito ng Rogue Valley Sewer Services

**Tanong:**

Dapat bang isama ang Lungsod ng Gold Hill, at maging bahagi ng, Espesyal na Distrito ng Rogue Valley Sewer Services?

**Buod:**

Ang Rogue Valley Sewer Services (RVSS) ay isang panrehiyong tagapagkaloob ng (serbisyo) sa alkantarilya na kasalukuyang naglilingkod sa mga lungsod ng Talent, Phoenix, Jacksonville, Central Point, White City, Eagle Point, Shady Cove at mga bahagi ng Medford at Jackson County. Ang RVSS ay Awtoridad sa Kalinisan gaya ng tinukoy ng ORS 450.705 hanggang 450.980 at pinamamahalaan ng limang miyembrong nahalal bilang Lupon ng mga Direktor.

Kung maaprubahan ang aneksiyon, magiging bahagi ng RVSS ang Gold Hill. Magiging tungkulin ng RVSS ang lahat ng aspekto ng operasyon at pagpapanatili ng sistema para sa malinis na alkantarilya sa Gold Hill at magiging direktang tagapagkaloob ng mga serbisyo sa alkantarilya sa loob ng Lungsod ng Gold Hill.

Ang Gold Hill at RVSS ay pumasok sa isang pormal na kasunduang maaakses ng publiko tungkol sa aneksiyon na naglalarawan sa pamamahagi/paglipat ng mga ari-arian at mga patakaran sa pagtatakda ng halaga na magiging epektibo sa panahon ng aneksiyon. Layunin ng RVSS na ikonekta ang Gold Hill sa panrehiyong sistema sa pagkolekta at paglinis ng alkantarilya.

Magiging kwalipikado ang mga residente ng Gold Hill na bumoto sa halalan sa distrito ng RVSS at manungkulan sa Lupon ng mga Direktor at Komite ng Badyet.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang Lungsod ng Gold Hill ay nagmamay-ari at nagpapatakbo ng isang wastewater na pasilidad para sa bayan na mayroong treatment plant at sistema sa pagkolekta na nagkokonekta ng halos lahat ng ari-arian sa loob ng sinasakupan ng Lungsod patungo sa treatment plant.

Nalampasan ng treatment plant ang panahong itatagal ng operasyon nito at nangangailangan ng mahalagang mga pag-upgrade upang mapanatiling gumagana at nakasusunod sa batas ayon sa mga regulasyong pang-estado at pederal na may kaugnayan sa wastewater.

Pumasok sa isang compliance agreement ang Konseho ng Lungsod ng Gold Hill

at Department of Environmental Quality (DEQ) ng estado na nag-aatas, bukod sa iba pang mga bagay, na muling itayo ng Lungsod ang wastewater treatment plant o abandunahin ito at gumawa ng isang koneksyon sa panrehiyong sistema para sa alkantarilya na pinapatakbo ng Rogue Valley Sewer Services (RVSS) at ng Lungsod ng Medford. Hindi nasusunod ng Lungsod ang ilang mga kinakailangang pagtalima na humantong sa aksyon para sa pagpapatupad mula sa DEQ.

Sa buong panahon ng taglagas ng 2022 at taglamig/tagsibol ng 2023, pinag-isipan ng Gold Hill Council kung anong paraan ang pinakamainam sa pagsulong na malutas ang mga aksyon para sa pagpapatupad, muling pagsunod at pagbuo ng isang gumaganang sistema sa pagkolekta at paglilinis ng wastewater upang mapaglingkuran ang komunidad at ang mga customer ng wastewater nito sa hinaharap.

Iba't ibang modelo sa pananalapi ang binuo at ipinakita sa Konseho upang matantiya ang mga buwanang epekto sa halaga ng pagpili na muling itayo at patakbuhin ang isang wastewater treatment plant at panatilihin ang tungkulin para sa pagpapanatili at mga pag-upgrade sa sistema ng pagkolekta kumpara sa pagsasama ng Gold Hill sa espesyal na distrito ng Rogue Valley Sewer Services (RVSS) at ituloy ang koneksyon ng sistema sa pagkolekta ng Gold Hill sa mga panrehiyong sistema sa pagkolekta at paglilinis.

Ang pagboto ng oo para sa aneksiyon ay magresresulta sa paglilipat ng Lungsod ng Gold Hill sa lahat ng ari-arian at pananagutan nito sa RVSS kaugnay ng sistema sa wastewater ng Lungsod. Magiging may-ari at operator ng sistema sa wastewater ang RVSS, na pangangasiwaan ang buwanang pagsingil para sa mga serbisyo sa alkantarilya (pananatilihin ng City of Gold Hill ang tungkulin sa buwanang pagsingil para sa tubig, mga storm drain at iba pang bayarin sa Lungsod) at pormal na magsisimula sa pagbuo ng proyekto at pagpopondo upang makagawa ng koneksyon ng tubo sa pagitan ng sistema ng Gold Hill at ng panrehiyong sistema sa pagkolekta at paglilinis na papalit sa treatment plant. Ang halagang kailangang bayaran (debt service) para sa proyekto kaugnay ng linya ng tubo ay magiging bahagi ng mga singil sa alkantarilya sa hinaharap para sa mga customer ng Gold Hill.

Ang pagboto ng hindi para sa aneksiyon ay nagreresulta sa pagpapanatilli ng legal na pananagutan ng Lungsod ng Gold Hill sa pagpapatakbo ng mga sistema sa wastewater upang muling magawa at mapanatili ang pagsunod sa umiiral na aksyon para sa pagpapatupad ng DEQ habang aktibong pinagsisikapan ang isang kumpletong pamalit sa treatment plant upang matiyak ang pangmatagalang pagsunod sa regulasyon.

Ang parehong opsyon ay nagpapataas ng mga buwanang singil sa alkantarilya para sa mga customer ng Gold Hill. Tinatantiya ng kasalukuyang modelo sa pananalapi na kalaunan mas magiging mababa ang mga buwanang singil dahil sa aneksiyon sa distrito ng serbisyo ng RVSS kumpara sa pagpapanatili ng pagmamay-ari at pagpapatakbo ng Lungsod ng Gold Hill sa sistema sa pagkolekta at paglilinis ng wastewater nito.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ng Lungsod ng Gold Hill.)*